# Minamahal Niya Tayo

A Lord's Flock Worship Service Topic
Ni Fr. Jojo Buenafe
21 Hunyo 2025

Habang ipinagdiriwang natin ang "Kapistahan ng Corpus Cristi" (ang Kadakilaan ng Katawan at Dugo ni Kristo), sumangguni tayo sa huling Ensiklika ni Papa Francisco, "Dilexit Nos" - "Minamahal Niya Tayo." Nararanasan natin ang pag-ibig ni Hesus sa Banal na Eukaristiya. Bawat isa sa atin ay binibigyan ng kapiraso ng Kanyang puso. Tumitibok ang Kanyang puso para sa atin na may imbitasyong bumalik sa puso ng Diyos – ang buod ng ating pagkatao.



1. **Ang Banal na Puso ni Hesus ay pangunahing bahagi ng katawan, kaluluwa at espiritu.**
   1.1 Ang puso ng Diyos ay matatag, maaasahan, tapat, at nagbibigay ito ng pag-asa sa buhay. Kapag nabigo tayong makabalik sa ating puso, mawawala ang ating prinsipyo, ang pagkakaisa at pagkakasundo ng ating sariling buhay at ang ating pagiging totoo.
   1.2 Ang ating puso ay may kakayahang magmahal at magpakita ng pag-aalala sa kapwa. Ang ating puso ay daan upang matanggap ang pakikipagkaibigan ng Diyos.
   1.3 Inangkin tayo ng Diyos bilang Kanya. Naiintindihan at ginagabayan Niya tayo habang naglalakbay tayo sa ating pananalig.
   1.4 Ang butas sa tagiliran ni Hesus ay nagbukas sa Kanyang puso para matagpuan natin ang tunay nating tahanan; ang langit ay puso ng Ama. Ipinagmalaki ni Hesus ang tahanan ng kanyang Ama kung saan lahat tayo ay may kanya-kanyang lugar.
   1.5 Nahugasan ang lahat ng ating kasalanan sa pagtusok sa tagiliran ni Hesus kung saan umagos ang Kanyang dugo.
   1.6 Ang nakabukas na bahagi ng puso ni Hesus ay naririnig ang ating pakiusap, panalangin.
   1.7 Sa ating mga sugat, kakulangan, pagkauhaw, lumapit tayo sa Diyos at hilingin na punan ang ating sisidlan ng Tubig ng Buhay.
2. **Ang Korona ng mga Tinik ay sumisimbolo ng paghihirap na tiniis ni Hesus para sa ating kaligtasan.** Ang Daan ng Krus ay nagpapahiwatig ng katotohanan ng ating pagdurusa. Ang pagdurusa na may pagpapakumbaba ay kapalit ng pagiging alagad.
3. **Ipinapakita ng KRUS sa taas ng Puso ni Hesus ang Kanyang handog pangkaligtasan**.
   3.1 Ang prayoridad ng puso ni Hesus ay gawin ang kalooban ng Ama para sa kaligtasan ng sangkatauhan.
   3.2 Ano ang nasa kaibuturan ng ating puso? Kinokontrol tayo ng ating mga prayoridad. Nawa ang Diyos ang manguna sa ating puso.
4. **Ang APOY sa paligid ng puso ni Hesus ay nag-aapoy na pag-ibig ng Diyos.**
   4.1 Ang puso ni Hesus ay patuloy na nag-aapoy. Ito ang katuparan ng luma at bagong batas, at katuparan ng mga batas at propesiya.
   4.2 Ang masidhing pag-ibig ni Hesus ay hindi magmamaliw; nagbibigay ng pagpapatawad. Ang apoy ay kumakalat sa ating puso upang makahanap ng kagalingan.
   4.3 Nais ng Kanyang pag-ibig na pawiin ang lahat ng ating mga sakit at kasalanan. Ngunit ang kagalingan ay nagsisimula sa ating pag-amin; dapat buksan natin ang ating puso sa Diyos para mahipo ng Kanyang banal na pagpapagaling.
5. **Ang ILAW ay nakapalibot sa Puso ni Hesus upang ipahayag ang kabutihan ng Diyos.**
   Ang panawagan ng misyon ay upang dalhin ang ilaw ni Hesus. Mayroon tayong tungkuling ibahagi ang ating mga karanasan para makita ng iba na nagniningning ang ating buhay simula ng isinuko natin ang ating buhay sa Diyos. Ang buhay na may misyon ay daan para magkaroon ng makabuluhang buhay.

**Konklusyon:** Ang Katawan at Dugo ni Hesus ay nangangailangan ng paggalang at pasasalamat. Pahalagahan natin ang regalo at katauhan ng katawan at dugo ni Kristo, ang ikalawang persona sa Banal na Santatlo.

**Pagninilay:** Ang puso ba ni Hesus ay naninirahan sa iyong puso?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Thess P. Sarmiento
Na edit ni: Nida A. Cruz
Tags: # Corpus Cristi, #Katawanni Kristo
https://lordsflock.org/teachings/digests
https://www.facebook.com/share/v/1LsoFKVXac/